Beautiful Plains
SCHOOL DIVISION

Box 700 Neepawa, MB R0J 1H0 Tel: (204) 476-2387 Fax: (204) 476-3606 Email: bpsd@bpsd.mb.ca

Ika-30 ng Oktubre 2020

Minamahal naming pamilya ng BPSD,

Ipinagbigay-alam ng Manitoba Education ngayon na ang mga paaralan sa Manitoba ay nasa "restricted" level Orange na sa ilalim ng MB Pandemic response system. Para sa mga paaralan ng BPSD, narito and mga hakbang na dapat sundin:

- Panatilihin ang 2 metrong distansya sa pagitan ng mga mag-aaral at mga tauhan hangga't maaari
- Ang mga tauhan na pumupunta sa bawat cohort ay kinakailangang magsuot ng medical mask
- Ang lahat ng field trip na nangangailangan ng transportasyon ay kinakailangang ipagpaliban o kanselahin
- Hindi papayagan ang paggamit ng mga instrumentong hinihipan at wala ring choir
- Ang mga mag-aaral sa high school (9-12) ay makikilahok sa blended model kung saan magkakaroon ng salit-salit na mga araw sa silid-aralan at sa remote learning
- Ang transportasyon sa bus ay patuloy na ibibigay para sa lahat ng mga mag-aaral na nangangailangan nito
- Ang mga karagdagang gawaing pampaaralan ay maipagpapatuloy lamang kung mayroong sapat na lugar at kung ang lahat ng mga alituntunin ay masusunod
- Ang iba pang mga lugar sa paaralan gaya ng common areas, multi-purpose spaces, gym at music rooms ay maa-ring gamitin sa ibang pagkakataon upang bigyang daan ang distancing

Ang iba pang mga health protocols gaya ng student cohorting, paglilinis, pagdi-disinfect, regular na paghuhugas ng kamay, at sanitizing ay patuloy na ginagawa. Sa karagdagan, magkakaroon ng temporary remote learning para sa mga mag-aaral sa K – 8 sa mga susunod na araw. Kung pipiliin ng mga magulang sa K – 8 ang remote learning, kinakailangan ang kanilang pakikilahok at suporta. Kapag pinili ang remote learning, ang mga mag-aaral ay mananatili dito hanggang maalis ang restricted level orange maliban na lamang kung magkakaroon ng ibang kasunduan ang paaralan at ang pamilya ng mag-aaral. Ang sulat ay ipapadala sa susunod na lingo ng principal ng paaralan para sa mga magulang upang makapili kung ang mga mag-aaral ba ay patuloy na papasok o lilipat sa temporary remote learning.

Maaaring kasama sa **temporary remote learning** ang mga sumusunod:

- Pag-connect sa silid-aralan gamit ang teknolohiya depende sa guro
- Pang araw-araw na mga gawaing pampaaralan na papatnubayan ng mga guro gamit ang iba't-ibang formats
- Inaasahan ang pagdalo sa klase sa regular na oras
- Patuloy na komunikasyon kasama ang guro/mag-aaral/pamilya
- Kinakailangan ang suporta ng mga magulang/tagapag-alaga habang ang mga bata ay nag-aaral sa bahay

Kami ay naniniwala na ang pinaka mainam na lugar para sa mga mag-aaral ay ang paaralan, subalit nauunawaan rin namin na kinakailangan din ang ibang mapagpipilian para sa mga pamilya sa panahong ito***. Ang mga klase ay magpapatuloy sa Lunes hangga't walang natatanggap na karagdagang impormasyon galing sa paaralan tungkol sa mga pagbabago dahil sa Level Orange.*** Patuloy kaming nagpapasalamat sa suporta ng ating komunidad sa panahon ng pandemya.

Lubos na gumagalang,

Jason Young
Superintendent/CEO
Beautiful Plains School Division